
# Ang MAGIC ni Nanay



Kuwento ni:
Amabelle Gay Z. Pineda
Guhit ni:
Willy R. Arceo



*Pamantayan sa Pagkatuto:*

*Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento ng may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon. F2TA-0a-j-3*

*Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksyon tungkol sa napakinggang kuwento batay sa tunay na pangyayari. F2PS-If-1*



## Development Team


Kuwento ni: Amabelle Gay Z. Pineda

Guhit at Lapat ni: Willy R. Arceo

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*


**Pampanga**

# Ang MAGIC ni Nanay






Isang umaga, hindi ako makabangon. Ang mga kasukasuan ko ay masakit. Katawan ko ay nanghihina at parang giniginaw. Hininga ko naman ay mainit, parang umaapoy ang mga mata at ang aking bibig. "Naku Mabel, inaapoy ka ng lagnat!" ang tarantang sabi ni Tatay sa akin.





Ako ay kanyang binuhat at agad na dinala sa malapit na *Health Center*. Pagdating namin doon, agad akong tiningnan ng doktor. “Mabel, bibigyan kita ng gamot para sa iyong lagnat, inumin mo ito kada apat na oras para bumuti na ang iyong pakiramdam. Lagi ka ring uminom ng maraming tubig at kumain ng prutas,” ang payo ng doktor.






Lumipas ang dalawang araw ngunit hindi parin bumubuti ang aking pakiramdam.

"Nasaan kana ba Inay? Sana ay narito ka sa aking tabi," ang sambit ni Mabel sa kanyang sarili.

Ngunit si Inay ay nagtatrabaho sa Maynila at hindi puwedeng lumiban. Ang gusto niya kasi ay husto ang kanyang sasahurin, para rin daw sa amin ang pera niyang kikitain.





Laking gulat ko nang makita si Inay.

"Inay, dumating ka!" ang masayang wika ko.

"Anak, kumusta na ang iyong pakiramdam?" tanong niya sa akin.

"Heto,may dala akong mga prutas para ikaw ay gumaling," dagdag pa niya.


"Masakit pa rin po ang aking ulo, Inay at nanghihina ang aking katawan," ang sagot ko sa kanya.





Pinainom ako ni Inay ng aking gamot at kanyang pinaghele. Sa kanyang malambing na tinig ako ay nakatulog ng mahimbing.

Pagkagising sa umaga, nang dahil sa kanyang mahigpit na yakap ay wala na ang aking sakit. Hindi ko na nadarama ang mainit na hininga at kirot ng aking kasukasuan.





Nagdaan ang ilang araw, ngipin ko ay sumakit.

"Araaay ko! Ang sakit ng ngipin ko," paiyak na wika ni Mabel.

Binuhat ako ni Tatay at dinala sa dentista upang ipabunot ang masakit kong ngipin. Ngunit pagdating namin sa klinika, hindi raw puwedeng bunutin ang aking ngipin dahil namamaga ang aking gilagid. Kailangan daw muna itong pahilumin kung kaya't nagreseta ang dentista ng gamot.






“Inay, nandito ka pala!” laking gulat ko pagkauwi namin ng bahay.

Niyakap ako ni Inay at tiningnan ang sumasakit kong ngipin.

“Anak, sundin natin ang payo ng dentista,” sabi niya sa akin.

Sagot ko naman, “Inay, tumutusok ito sa aking gilagid.”





At hindi ko mapigilan ang aking pag-iyak kaya niyakap muli at hinaplos-haplos niya ang aking namamagang pisngi, pinaghele, hanggang ako ay makatulog.

"Aba! Nawala na ang sakit, parang magic."

"Bakit kaya ang gamot ay parang walang bisa kapag si Nanay ay wala pa?" ang tanong ko sa aking sarili.





Nagdaan ang ilang linggo, bulutong naman ang aking napala. Nabahala na naman si Tatay, tinawagan niya si Nanay. Kahit malayo at pagod, dumating pa rin si Nanay dahil kailangan kong muli ang kanyang magic.Ipinainom niyasa akin ang aking gamot. Ilang araw lang, ang butlig sa aking katawan ay unti-unting nawawala.

At tama ako! Ako ay gumaling sa yakap at haplosni Nanay.





"Siya ba talaga ay may magic, o kaya ay may anting-anting? Anong mayroon kay nanay at ako'y gumaling? Basta ang mahalaga para sa akin ay huwag mawawala si Nanay dahil ang makasama siya palagi ang tunay kong hiling."



## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

AMABELLE GAY Z. PINEDA:

Kasalukuyangnagtuturo sa
Balangcas  Elementary School,
San Matias, Sto. Tomas, Pampanga
bilang Teacher III.

WILLY R. ARCEO:

Kasalukuyang nagtuturo sa
Camba Elementary School,
Camba, Arayat, Pampanga
bilang Teacher III.



Ang ating nanay ang unang doktor natin kapag tayo ay may sakit. Siya ang taong gusto nating makasama palagi lalo na kapag tayo ay may nararamdamang sakit sa ating katawan. Para bang may magic siya sa bawat haplos at paghele niya sa atin.

Alamin natin sa kwento ni Mabel kung anong magic meron ang kanyang ina at siya ay napapagaling nito...

